



## TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

<b>Circular No.</b>	<b>2023-0002</b>
<b>Title</b>	<b>Automatic Renewal Of Accreditation Of Konsulta Package Providers For CY 2023</b>

Tanong	Sagot
1. Ano ang nilalalaman ng PC 2023-0002 o Automatic Renewal of Accreditation of Konsulta Package Providers (KPPs) for CY 2023?	Ang polisiyang ito ay naglalayong mapadali at mapabilis ang partisipasyon ng mga kasalukuyang accredited na KPPs sa National Health Insurance Program sa taong 2023 upang makapagbigay ng tuloy-tuloy na serbisyo sa ating mga miyembro.
2. Para sa mga KPP na may Provisional Accreditation, ganoon pa rin ba ang kanilang status?	Kung ang mga kulang na “requirements” ay nakumpleto na, maaari nang mabigyan ang KPP ng regular accreditation. Kung hindi naman, mananatili pa ring PA ang ibibigay na accreditation.
3. Ano ang kailangang gawin para magkaroon ng automatic renewal of accreditation?	Kailangan magsumite ng “letter of intent” (LOI) ang KPP hanggang Enero 31, 2023 upang makasama sa mabibigyan ng automatic renewal.
4. Saan isusumite ang LOI?	Ang LOI ay kailangang isumite sa Local Health Insurance Office (LHIO) o sa PhilHealth Regional Office (PRO) na nakasasakop sa KPP.
5. Paano malalaman ng KPP kung sila ay pinagkalooban ng automatic renewal ng accreditation?	Makatatanggap ng sulat ang lahat ng KPP na may “automatic accreditation” sa taong 2023.
6. Ano ang gagawin kung nakapagsumite at nakapagbayad na ng aplikasyon para sa accreditation bago pa man lumabas ang polisiyang ito?	Kung maagang nakapagsumite ng aplikasyon ang KPP, ang ibinayad na kaukulang accreditation fee ay kanilang magagamit sa susunod na cycle ng accreditation.